Mensahe Dalawa

**Ang Diyos, ang Tao, at si Satanas**

Babasahin sa Kasulatan: Job 1:6-12; 2:1-7; Mat. 12:26; Heb. 2:14; Roma 16:20; Apoc. 12:5, 7-11

I. **Ang buong Biblia ay isang talâ ng mga bagay hinggil sa Diyos, sa tao, at kay Satanas; samakatwid, sa ating pagbabasa ng Biblia, kailangan nating malaman hindi lamang ang mga bagay hinggil sa Diyos at sa tao bagkus gayundin ang mga bagay hinggil kay Satanas—Gen. 1:1, 26-28; 3:1, 4, 15; Isa. 14:12-14; Ezek. 28:12-19:**

   A. Si Satanas ay isang anghel at isang pinahirang kerubin na nilikha ng Diyos bago nilikha ng Diyos ang lupa; siya ang pinakamataas sa mga anghel—bb. 12-15; Job 38:4-7:

      1. Si Satanas ay ang "Bituin sa umaga, anak ng bukang- liwayway" (Isa. 14:12), isa sa mga unang anghel na nilikha ng Diyos sa "bukang-liwayway" ng sansinukob, itinalaga ng Diyos upang maging ulo ng lahat ng anghel (Ezek. 28:14; Jud. 9).
      2. Ang pinahirang kerubin ay itinalaga ng Diyos upang mamuno sa ibabaw ng sansinukob bago kay Adam (Luc. 4:6); ang pinahirang kerubin ang pinakamalapit sa Diyos, at sa pagtataglay kapwa ng pagkahari at pagkasaserdote, hinawakan niya ang pinakamataas na posisyon sa paglikha ng Diyos (Ezek. 28:13).

   B. Ang pagrerebelde ni Satanas laban sa Diyos ay inihayag sa Isa. 14:13-14 at Ezek. 28:15-18:

      1. Si Satanas ay nagrebelde laban sa Diyos dahil sa kapalaluan sa kanyang puso; ang kanyang puso ay nagmataas dahil sa kanyang kagandahan—Isa. 14:13-14; Ezek. 28:17.
      2. Ang intensiyon ni Satanas ay ang pabagsakin ang awtoridad ng Diyos at ang itaas ang kanyang sarili upang makapantay ang Diyos; sa kanyang pagrerebelde laban sa Diyos, ninais ni Satanas na maging kapantay ang Diyos—Isa. 14:13.

   C. Dahil sa kanyang pagrerebelde, si Satanas ay naging katunggali ng Diyos, ang kaaway ng Diyos—Zac. 3:1-2; Apoc. 12:9a; 20:2a:

      1. Ang *Satanas* ay nangangahulugang "katunggali"; bilang katunggali ng Diyos, sinasalungat ni Satanas ang Diyos—Job 1:7, 12; 2:1, 6; Apoc. 20:2.
      2. Ang *kaaway* ay tumutukoy sa kalaban sa labas ng kaharian ng Diyos, samantalang ang *katunggali* ay tumutukoy sa kalaban mula sa loob ng kaharian ng Diyos.
      3. Si Satanas ay hindi lamang kaaway ng Diyos sa labas ng kaharian ng Diyos bagkus katunggali rin ng Diyos mula sa loob ng kaharian ng Diyos, nagrerebelde laban sa Diyos.

II. **Naglalarawan ang tagpo sa Job 1 at 2 ng dalawang pagsasanggunian sa langit hinggil kay Job—1:6-12; 2:1-7:**

   A. Dahil sa Kanyang mapagmahal na malasakit para kay Job, nagsagawa ang Diyos ng dalawang pagsasanggunian sa kalangitan upang pag-usapan si Job—1:6; 2:1.

   B. Ang "mga anak ng Diyos," ang mga anghel, ay dumating upang humarap kay Jehovah, at si Satanas, ang katunggali, ay dumating ding kasama nila—1:6; 2:1; 38:7; cf. 1 Hari 22:19-23; Awit 89:5-8:

      1. Pagkatapos niyang magrebelde laban sa Diyos, si Satanas ay kinondena at sinentensiyahan pa ng Diyos—Isa. 14:12-15; Ezek. 28:12-19.
      2. Ang karapatan ni Satanas na pumasok sa presensiya ng Diyos ay hindi pa inalis sa kanya—cf. Apoc. 12:9.

C. Sa Kanyang karunungan at pagkasoberano hindi isinagawa ng Diyos ang Kanyang hatol kay Satanas kundi binigyan si Satanas ng limitadong panahong makagawa upang matugunan ang ilang negatibong pangangailangan sa pagsasakatuparan ng Kanyang ekonomiya:
  1. Hindi mahihiling at hindi hihilingin ng Diyos sa alinman sa Kanyang maraming ekselenteng anghel na gawin kung ano ang kinakailangan upang pinsalain si Job para alisan siya ng lahat ng bagay nang sa gayon siya ay mapuno ng Diyos—Job 1:1, 8, 11-12; 2:3-7.
  2. Si Satanas ang natatanging isa sa sansinukob na makatutupad at tutupad ng intensiyon ng Diyos sa pag-aalis kay Job ng kanyang mga ari-arian at mga etikal na natamo—b. 3.
  3. Ipinakikita sa atin ng tagpo sa kapitulo 1 at 2 ng Job na si Satanas ay nananatiling malaya upang sadyang gamitin siya ng Diyos bilang isang pangit na kasangkapan upang isagawa ang matinding pagtutuos ng Diyos sa mga nagmamahal sa Kanya—cf. Luc. 22:31-32.

**III. Si Satanas ay may kanyang kaharian, ang awtoridad ng kadiliman—Mat. 12:26; Gawa 26:18; Col. 1:13:**

A. Si Satanas ay may kanyang awtoridad (Gawa 26:18) at kanyang mga anghel (Mat. 25:41), na nasa ilalim niya bilang mga pinuno, mga awtoridad, at mga pandaigdig na pinuno ng kadiliman ng sanlibutang ito; kaya, siya ay may kanyang kaharian, ang awtoridad ng kadiliman (Col. 1:13).

B. Si Satanas ay ang pinuno ng sanlibutang ito at ang pinuno ng awtoridad ng himpapawid—Juan 12:31; Efe. 2:2:
  1. *Ang espiritu* (b. 2), ay katumbas ng *awtoridad ng himpapawid,* tumutukoy sa kabuuan ng kapangyarihan, ang kabuuan ng lahat ng masamang makaanghel na awtoridad, kung saan si Satanas ay ang pinuno.
  2. Noong tayo ay mga patay sa mga pagsalangsang at mga kasalanan (b. 1), tayo ay lumakad ayon sa "kapanahunan ng sanlibutang ito" (b. 2), ang makabagong anyo, ang kasalukuyang kalakaran ng sanlibutan, ang makasatanas na sistema.
  3. Ang mga pinuno, ang mga awtoridad, at ang mga pandaigdig na pinuno ng kadilimang ito ay mga rebeldeng anghel, na sumunod kay Satanas sa kanyang pagrerebelde laban sa Diyos at ngayon ay namumuno sa sangkalangitan sa ibabaw ng mga bansa sa mundo—Dan. 10:20.
  4. Nagpapahiwatig ito na ang diyablo, si Satanas, ay may kanyang kaharian kung saan inookupa niya ang pinakamataas na posisyon at kung saan ang mga rebeldeng anghel ay nasa ilalim niya.

**IV. Sa pamamagitan ng Kanyang ministeryo sa lupa at sa Kanyang kamatayan sa krus, ang Panginoong Hesus ay matagumpay kay Satanas—1 Juan 3:8; Mat. 27:51-53; Col. 2:14-15; Heb. 2:14:**

A. Sa Kanyang ministeryo sa lupa tinalo ng matagumpay na Kristo ang diyablo at winasak ang kanyang mga gawa—Mat. 4:1-11; 1 Juan 3:8:
  1. Upang maisakatuparan Niya ang Kanyang ministeryo para sa kaharian ng kalangitan, dapat talunin ng Panginoong Hesus ang kaaway ng Diyos, ang diyablo, si Satanas—Mat. 4:1, 11:

a. Dapat Niyang gawin ito bilang isang tao; kaya, Siya ay tumayo bilang isang tao upang harapin ang kaaway ng Diyos—bb. 6-7.
b. Ang pagtukso ng diyablo sa unang tao, si Adam, ay matagumpay; ang kanyang pagtukso sa ikalawang tao, si Kristo, ay isang ganap na pagkabigo—b. 11.

2. Sa Kanyang ministeryo sa lupa winasak ng Panginoong Hesus ang mga gawa ng diyablo—1 Juan 3:8:
   a. Sa 1 Juan 3:8 ang salitang Griyego na isinaling "winasak" ay maaari ding isaling "pawalang-bisa" o "lusawin."
   b. Sa layuning ito ang Anak ng Diyos ay nahayag, upang Kanyang pawalang-bisa at wasakin ang mga makasalanang gawa ng diyablo, yaon ay, kondenahin, sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan sa krus sa laman, ang kasalanang pinasimulan niya, ang masamang isa; wasakin ang kapangyarihan ng kasalanan, ang makasalanang kalikasan ng diyablo; at alisin kapwa ang kasalanan at mga kasalanan—Roma 8:3; Heb. 2:14; Juan 1:29.

B. Sa Kanyang pagkapako sa krus pinalayas ng matagumpay na Kristo ang pinuno ng sanlibutang ito, winasak ang diyablo, sinanhi ang mga pinuno at mga awtoridad na maalisan, at pawalang-bisa ang kamatayan—12:31; Mat. 27:51; Heb. 2:14; Col. 2:15; 2 Tim. 1:10:
1. Sa Kanyang gawain sa krus, pinalayas ni Kristo ang pinuno ng sanlibutang ito at hinatulan ang sanlibutan—Juan 12:31:
   a. Ang pinuno ng sanlibutang ito ay pinalayas nang si Satanas ay pinalayas sa pamamagitan ng gawain ni Kristo sa Kanyang kamatayan; kasabay nito, ang sistema ng sanlibutan na may kaugnayan kay Satanas ay hinatulan—1 Juan 5:19.
   b. Ang base ng pagrerebelde ni Satanas ay nayanig, at ang mga kuta ng makalupang kaharian ni Satanas ay nasira—Mat. 27:51.
2. Sa Kanyang pagkapako sa krus winasak ni Kristo ang diyablo—Heb. 2:14:
   a. Sa bersikulo 14 ang salitang Griyego na isinaling "wasakin" ay maaari ding isaling "mabalewala, mapawalang-bisa, tapusin, mabigyang-wakas, pawalang-saysay, itapon."
   b. Sa Kanyang pagkatao at sa pamamagitan ng Kanyang gawain sa krus, winasak ni Kristo ang diyablo—Juan 3:14.
3. Sa Kanyang gawain sa krus, sinanhi ni Kristo ang mga makaanghel na pinuno at awtoridad na maalisan, ihantad nang hayagan, at mapanagumpayan ng Diyos—Col. 2:15.
4. Sa Kanyang gawain sa krus, pinawalang-saysay ni Kristo ang kamatayan, pinawawalang-bisa ito, sa pamamagitan ng Kanyang nangwawasak-sa-diyablong kamatayan (Heb. 2:14) at lumalamon-sa-kamatayang pagkabuhay na muli (1 Cor. 15:52-54)—2 Tim. 1:10.

C. Sa pamamagitan ng ebanghelyo ng kaharian, dinadala ng Diyos ang mga tao sa ilalim ng pamumuno ng makalangit na awtoridad upang sila ay maging Kanyang kaharian, yaong napamumunuan ng Kanyang awtoridad—Mat. 24:14; Apoc. 1:5-6.

**V. Bilang mga mananampalataya kay Kristo Hesus at mga anak ng Diyos, kailangan nating matuto na maging matagumpay sa loob ni Kristo laban kay Satanas—Efe. 6:12; 1 Ped. 5:8-9; 1 Juan 5:18:**

A. Hindi tayo dapat maging mangmang sa mga pakana ni Satanas—2 Cor. 2:11:

1. Ang salitang Griyego na isinaling “mga pakana” ay nangangahulugang “mga plano, mga masamang balak, mga disenyo, mga pandaraya, mga intensiyon, mga layunin.”
2. Ang masamang isa, si Satanas, ay nasa likuran ng mga tagpo sa lahat ng bagay at gumagawa sa lahat ng bagay, maging sa loob ng buhay-ekklesia.

B. Kailangan nating isuot ang buong kutamaya ng Diyos upang tayo ay makatayo laban sa mga estratehiya ng diyablo—Efe. 6:11:

1. Ang diyablo ay hindi lamang nagkaroon ng mga masamang intensiyon bagkus ng mga mapanlinlang na estratehiya rin upang isagawa ang kanyang mga intensiyon; ang mga estratehiyang ito ay ang kanyang mga masamang balak.
2. Ang pagsusuot ng buong kutamaya ng Diyos ang nagsasanhi sa atin na tumayo laban sa mga estratehiya ng diyablo—b. 11.
3. Isa sa mga estratehiya ni Satanas laban sa mga banal ng Kataas-taasan ay ang pagurin sila (Dan. 7:21, 25); kapag nakikita natin na pinapagod tayo ni Satanas, magkakaroon tayo ng kapangyarihan upang labanan at salungatin ang kanyang pumapagod na taktika.

C. Kailangan nating maging mapagbantay laban sa ating katunggali, ang diyablo, na “gaya ng umaatungal na leon na gumagala, naghahanap ng masisila niya”—1 Ped. 5:8:

1. Ang maging mapagbantay ay ang maging alisto gaya ng nasa digmaan, tulad ng mga sundalong nasa depensa.
2. Ang salitang *magbantay* sa 1 Pedro 5:8 ay nagpapahiwatig ng pakikipagbaka; tayo ay nasa pakikipagdima, at kailangan nating maging alisto.
3. Kung alisto tayo, malalabanan natin ang ating katunggali, sa pagiging matatag sa ating pananampalataya—b. 9:
   a. Ang lumaban ay hindi ang sumagupa o makipagbuno kundi ang tumayo nang matatag, gaya ng isang malaking bato, sa saligan ng ating pananampalataya sa harap ng umaatungal na diyablo.
   b. Ang *inyong pananampalataya* sa 1 Pedro 5:9 ay tumutukoy sa subhektibong pananampalataya ng mga mananampalataya, ang kanilang pananampalataya sa nagpoprotektang kapangyarihan at mapagmahal na pagmamalasakit ng Diyos.

D. Ang pinakamainam na paraan upang tayo ay maging matagumpay laban kay Satanas ay ang mamuhay sa pinaghalong espiritu—1 Cor. 6:17; 1 Juan 5:18:

1. Mayroon lamang isang lugar na hindi masasalakay ni Satanas—ang ating espiritu—2 Tim. 4:22.
2. Kung tayo ba ay nasa ilalim ng awtoridad ni Satanas o hindi ay hindi pinagpapasyahan ng mga bagay na ginagawa natin; sa halip, ito ay pinagpapasyahan ng kung tayo ba ay nasa espiritu o nasa laman—Gal. 5:16-17.
3. Hangga’t tayo ay nananatili sa pinaghalong espiritu, tayo ay maiingatan, at si Satanas ay walang magagawa sa atin—1 Cor. 6:17; 1 Juan 5:4-5, 18-21.

**VI. “Dudurugin ng Diyos ng kapayapaan si Satanas sa ilalim ng inyong mga paa”—Rom. 16:20:**

A. Ang pagdurog kay Satanas ay may kinalaman sa buhay- ekklesia—ang pinakamalakas na paraan na dinadaig ng Diyos si Satanas—bb. 20, 1, 16b.

B. Ang salitang Griyego na isinaling “inyo” sa Roma 16:20 ay pangmaramihan; ito ay tumutukoy sa Katawan—12:5:

1. Ang Roma 16 ay hindi tumutukoy sa Katawan sa isang pansansinukob na pakahulugan kundi sa lokal at praktikal na kahayagan ng Katawan.

2. Ang pagtutuos kay Satanas ay isang bagay ng Katawan, hindi isang indibidwal na bagay.
3. Si Satanas ay maaaring madurog lamang sa ilalim ng mga paa ng praktikal na kahayagan ng Katawan sa mga ekklesia-lokal—12:5; 16:1, 4, 16b.
4. Tanging kapag mayroon tayong wastong ekklesia-lokal bilang praktikal na kahayagan ng Katawan na si Satanas ay madudurog sa ilalim ng ating mga paa—b. 20.

C. Makahulugan na ang Isa na dumudurog kay Satanas sa ilalim ng ating mga paa ay ang Diyos ng kapayapaan—b. 20:
1. Ang Diyos ng kapayapaan ay ang Tagapagpabanal; ang Kanyang pagpapabanal ay nagdadala ng kapayapaan—1 Thes. 5:23.
2. Kapag tayo ay buong napabanal Niya mula sa loob, tayo ay may kapayapaan sa Kanya at sa tao sa bawat paraan—b. 13; Roma 6:19, 22; Heb. 13:12.
3. Ang kapayapaan ng Diyos ang nag-iingat, nagbabantay, ng ating mga puso at mga pag-iisip sapagkat pinapatrolyahan ng Diyos ng kapayapaan ang ating mga puso at mga pag-iisip sa loob ni Kristo, pinananatili tayong panatag at payapa—Fil. 4:7.

**VII. Matapos ang lalaking-anak ay maraptyur sa trono ng Diyos, mayroong digmaan sa langit, si Satanas at ang kanyang mga anghel ay ibabagsak sa lupa, at ang kaharian ng Diyos ay mahahayag—Apoc. 12:5, 7-11:**

A. Ang lalaking-anak ay binubuo ng mga mandaraig, na tumatayo alang-alang sa ekklesia, kinukuha ang posisyon na dapat kunin ng buong ekklesia, at ginagawa ang gawain ng ekklesia—2:7b, 11b; 12:5:
1. Ang lalaking-anak ay nakikipagbaka laban sa kaaway ng Diyos, si Satanas, nang tuloy-tuloy sa lupa.
2. Ang langit ay naghihintay sa pagdating ng lalaking-anak, ang mga mandaraig, na maglunsad ng digmaan upang ihagis si Satanas mula sa langit:
   a. Ang digmaang inilunsad ng mga mandaraig na mananampalataya laban kay Satanas sa katunayan ay ang pagsasagawa ng paghahatol ng Panginoon sa kanya—Juan 12:31.
   b. Kalaunan, sa pamamagitan ng kanilang pakikipaglaban, si Satanas ay ihahagis mula sa langit—Apoc. 12:8-9.

B. Inaakusahan ngayon ng diyablo, ng tagapag-akusa, ang mga mananampalataya sa harap ng Diyos araw at gabi, subalit dinaig siya ng mga mandaraig na mananampalataya na bumubuo sa lalaking-anak at sinalungat at siniraang-puri ng kaaway ng Diyos na si Satanas—bb. 10-11:
1. Kanilang dinaig siya “dahil sa dugo ng Kordero”—b. 11a:
   a. Ang dugo ng Kordero, na para sa ating katubusan, ang tumutugon sa harap ng Diyos sa lahat ng akusasyon ng diyablo laban sa atin at binibigyan tayo ng katagumpayan laban sa kanya.
   b. Kailangan nating iaplay ang dugong ito sa tuwing nadarama natin ang akusasyon ng diyablo—Roma 3:25; 1 Juan 1:7.
2. Kanilang dinaig siya “dahil sa salita ng kanilang patotoo”—Apoc. 12:11b:
   a. Ang salita ng kanilang patotoo ay ang kanilang salita na nagpapatotoo na ang diyablo ay nahatulan na ng Panginoon—Juan 12:31; Heb. 2:14.
   b. Tuwing nakadarama tayo ng akusasyon ng diyablo, dapat nating ideklara, gamit ang binigkas na salita, ang katagumpayan ng Panginoon laban sa kanya.

3. Hindi iniibig ng mga mandaraig ang kanilang pangkaluluwang buhay—Apoc. 12:11c:
    a. Ang hindi pag-ibig sa ating pangkaluluwang buhay  ang batayan para sa pagdaig kay Satanas, para sa ating katagumpayan laban kay Satanas.
    b. Ang hindi pag-ibig sa ating pangkaluluwang buhay ay nangangahulugang ninanais nating isuko ang ating sariling pangkaluluwang buhay at hindi natin pinahahalagahan ang ating sariling pangkaluluwang buhay—Marc. 8:34-35.
    c. Isang uri ng tao lamang ang kinatatakutan ni Satanas—yaong mga hindi umiibig sa kanilang pangkaluluwang buhay—Apoc. 12:11c.

C. Ang lalaking-anak ay may kaugnayan sa pinakamahalagang pampanahunang pagkilos ng Diyos—Mat. 6:9-10; Apoc. 11:15; 12:10:
1. Ninanais ng Diyos na wakasan ang kapanahunang ito at ipasok ang kapanahunan ng kaharian, at para dito dapat Niyang taglayin ang lalaking-anak bilang Kanyang pampanahunang instrumento—b. 5.
2. Ang raptyur ng lalaking-anak ang magwawakas ng kapanahunan ng ekklesia at magpapasok ng kapanahunan ng kaharian—bb. 5, 10.
3. Ang raptyur ng lalaking-anak sa trono ng Diyos, ang paghagis kay Satanas sa lupa, at ang deklarasyon sa langit ay nangangahulugan na ang lalaking-anak ang magdadala ng kaharian sa lupa; ito ang pinakadakilang pampanahunang pagkilos ng Diyos—bb. 5, 9-10; 11:15.

*© 2020 Living Stream Ministry*